

PROTEKTAHAN ANG IYONG NEGOSYO MULA SA PAGNANAKAW

Iniiisip mo ba kung paano protektahan ang iyong negosyo mula sa pagnanakaw? Mayroon kang mga maaaring gawin upang protektahan ang iyong mga pag-aari at bawasan ang oportunidad na manakawan sa loob at labas ng kompanya.

Ang bumuo ng isang mabisang plano upang maiwasan ang pagnanakaw ay isa sa mga mahalagang hakbang na magagawa mo upang protektahan ang iyong negosyo. Ang isang plano upang maiwasan ang pagnanakaw ay tutulong sa iyo na maaseso ang mga maaaring maging panganib at magagamit ito sa training ng iyong mga empleyado.

PAGNANAKAW MULA SA LABAS

Ang pagnanakaw mula sa labas ay ginagawa ng isang tao sa labas ng iyong negosyo. Ito ay maaaring pandarayang pagsauli ng produkto, shoplifting, o pagpasok sa tindahan upang magnakaw.

Mga payô upang maiwasan ang pagnanakaw buhat sa labas:

- Magbigay ng mahusay na customer service. Mapipigilan ang mga shoplifter kapag ang mga empleyado ay mapagmasid at matulungin.
- Siguraduhing madali mong makikita ang lahat ng bahagi ng tindahan. Ang security mirrors at surveillance camera ay tutulong sa iyong mga empleyado na bantayan ang tindahan.
- Imonitor ang iyong imbentaryo at imbestigahan ang anumang mga kakulangan.
- Isipin ang security kapag nagdedeposito sa bangko. Maigi ang magdedeposito sa araw at iba-ibahin ang oras at dinaraan papunta sa bangko.
- Maglagay ng security system at laging tingnan kung bakit kumikililing ang security alarms.

PAGNANAKAW SA LOOB

Ang pagnanakaw sa loob ay ginagawa ng isang taong nasa loob ng iyong negosyo. Kabilang sa pagnanakaw sa loob ang embezzlement, shoplifting ng empleyado, at pandaraya. Bagama't mahirap mapaniwalaan na maaaring magnakaw sa iyo ang isang napagkatiwalaang empleyado, mahalaga ang mag-ingat.

Mga Payô sa Pag-Iwas sa Pagnanakaw sa Loob:

- Itsek ang references kapag kumukuha ng bagong empleyado at pag-isipang humingi ng isang criminal record check.
- Magdibelop ng mga pamamaraan na nagbabawas sa oportunidad na magnakaw sa loob (gaya ng pagkuha ng independent bookkeeper o ang sarili mong pagsisiyasat sa bookkeeping).
- Paghiwa-hiwalayin ang mga tungkulin ng mga empleyado. Halimbawa, ang taong humahawak sa pera ay hindi dapat humawak sa mga resibo at pagmonitor sa mga ito.
- Hayaang managot ang bawat empleyado para sa kanyang sariling cash drawer.
- Ibigay nang malinaw at walang pabagu-bago ang iyong mga patakaran tungkol sa pagnanakaw sa loob ng kompanya at asikasuhin kaagad at nang may katarungan ang anumang mga problema.

Maigi rin ang bumili ng bonding insurance. Ang bonding insurance ay isang kasunduan na nagbibigay-garantiya na makukuha muli ang halaga ng losses na nagmumula sa mga ginawa ng isang empleyado.

Ang mabisang plano sa pag-iwas ng pagnanakaw ay makakatulong sa iyo na malaman ang mga panganib at pahasayin ang security. Tandaang isali ang iyong mga empleyado at bigyan sila ng tools at training na kanilang kinakailangan upang protektahan ang iyong negosyo laban sa pagnanakaw.